Mga Impormasyon Tungkol sa Gamot

Planadong Pagtitigil ng Gamot

Ano ang pagtitigil ng gamut?

- Ang "pagtitigil ng gamut" ay ibinabansag sa panahong itinitigil ang pag-inom ng gamot laban sa HIV. Tinatawag ito ng ilan na "drug holiday."
- Ang planadong pagtitigil ng gamot ay pagputol sa paggagamot na pinagkasunduan, naihanda at sinusubaybayan ng PHA at ng kanilang manggagamot.

Anu-ano ang biyaya sa pagtitigil ng gamot?

May iba't-ibang dahilan kung bakit itinitigil ang pag-inom ng gamot:

- **Kapaguran**

  Ang pag-inom ng gamot laban sa HIV sa loob ng mahabang panahon ay napakabigat. Para sa ibang PHAs ang pagsunod sa tamang oras ng pag-inom sa araw-araw, at ang pagharap sa mga masasamang side-effects nito sa matagal na panahon ay nangangailangan ng puspos na pagsisikap at nagdadala ng kapaguran sa emosyon at pangangatawan.

  Sa kabilang panig, may ibang PHAs na dahilan sa pag-unlad ng kanilang kalagayan, maaaring maisip nila kung talagang kailangang ipagpatuloy ang pag-inom ng gamot. Sa ganitong mga pangyayari, nagiging kanais-nais ang magpahinga. Nagbibigay ito ng kaunting panahon para mabawasan ang hirap ng pag-inom ng maraming gamot sa araw-araw at sa side effects na nararanasan ng mga umiinom nito.

- **Pagtitigil bago magpalit ng gamot**.

  Para naman doon sa ibang maysakit, na ang HIV ay nagkaroon na ng resistensya sa mga gamut, ang doktor ay maaring magpayo ng pansamantalang pagtitigil ng gamot bago magbigay ng panibagong kombinasyon. Ang pagtitigil ng pag-inom, sa ilang linggo o buwan ay maaaring makapigil sa resistensya ng HIV sa gamot. Dahil sa hindi naggagamot, ang uri ng HIV na tumutubong muli sa katawan ay nagbabalik sa anyong orihinal (wild type) na hindi kayang lumaban sa gamot, kahit na mayroong ilang bahagi na may resistensya. Sa ganitong pangyayari, ang panibagong kombinasyon ng mga gamot ay malamang na maging mas mabisa sa pagsupil sa HIV.

- **Pagpapasigla sa *Immune System***

  Pinag-aaralan ang pagtigil sa pag-inom ng gamot na isang paraang pampasigla para ang katawan ay mas makalaban sa HIV. Ito'y ayon sa paniniwala na ang pagtaas ng viral load dahil sa pagtitigil ng gamot ay maaring magsilbing bakuna na nagbibigay buhay sa *immune system* para maging mas mahusay sa paglaban at pagtugon sa virus. Maaaring makatulong ang paraang ito sa mga bago pa lamang nagkaroon ng HIV, dahil ayon sa mga resulta ng klinikal na pagsubok, hindi ito gaanong nakatutulong sa mga matagal nang maysakit.

Mayroon bang ikasasama ang pagtigil sa gamot?

- Ang pagtigil sa paggagamot ay maaaring maging sanhi ng pagkawala ng pakinabang sa mga gamot na ito.

- Kapag nagtigil sa paggagamot ang viral load ay tumaas at bumababa ang CD4 count. Madadagdagan ang nganib na magkaroon ng ibang impeksyon dahil sa AIDS, lalu na kung ang CD4 ay mas bababa sa 200.
- Maaaring maging madali para sa virus na magkaroon ng resistensya sa mga gamot kung magtigil at pagkatapos ay muling magsimula sa pag-inom nito.
- May ilang mga PHA ang nakapansin na ang kanilang viral load ay hindi na bumababa sa dating mababang bilang o halos dimabilang na lagay, matapos magtigil at magsimula sa pag-inom ng gamot.
- Ang ibang PHA ay nakararanas ng mga sintomas na tulad ng sa trangkaso kapag tumataas ang viral load.
- Mayroong mahihirapang ibalik ang regular at kinagawiang pag-inom ng gamot pagkatapos na magtigil nito ng pansamantala.

Ano ang dapat kong gawin kung interesado ako sa planadong pagtitigil ng gamot*?*

Marami pang hindi nalalaman tungkol sa mga panganib at biyaya ng pagtitigil ng gamot kaya hindi ito ipinapayong isagawa ng hindi kumukunsulta sa manggagamot. Mas mabuting iplano ito kasama ng doctor. Nang sa ganon, ang iyong mga sintomas, viral load at CD4 (T-cell) levels ay masusubaybayan at maiiwasan ang impeksyon. Magtanong sa iyong doktor tungkol sa iba't ibang pagsusuring isinagawa tungkol sa pagtitigil ng gamot at alamin kung anu't ano pang paraan ng panggagamot ang maaaring pagpilian at maging mas takda sa iyong pangangailangan.

Copyright @ACAS 2001 & 2004. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.